Kung Bakit Ako Kasama ng mga Kilala bilang Brethren

William C. Irvine

Salin sa Tagalog ng “Why I Am Among Those Known As Brethren”

KEE Ministry Library · Faithful Men
kee-ministry-library.netlify.app/tagalog/

Kung Bakit Ako Kasama ng mga Kilala bilang Brethren

Ang mga salita sa I Timoteo 3:15 ang susi ng Sulat na iyon. Sinasabi ng Apostol: "Datapuwa't kung ako'y magluwat, upang iyong maalaman kung paano ang dapat na pagkilos ng mga tao sa bahay ng Dios, na siyang iglesia ng Dios na buhay, na haligi at suhay ng katotohanan."

Ang batang si Timoteo ay may mahihirap na problemang dapat lutasin tungkol sa kaayusan ng iglesya, disiplina at katatagan sa doktrina, at ganoon din tayo; ngunit di tulad ni Timoteo, ang Cristiano ngayon ay hindi lamang iisang Iglesya ang natatagpuan kundi maraming iglesya, at madalas ay nalilito kung saan siya dapat sumamba.

Bilang isang lumaki sa Church of England—anak ng isang Vicar—nais kong magbigay ng ilang dahilan kung bakit ako ngayon ay sumasamba kasama ng mga kilala bilang "Open Brethren."*

* [Isang bahagi rito ang hindi mabasa sa scan.]

SA NEGATIBONG PANIG—Wala ako kung nasaan ako dahil ganito sumamba ang aking mga magulang. Iyan, sa aking palagay, ay mahina at kulang na dahilan sa ganang sarili; bagaman tiyak na libu-libong tunay na Cristiano ang mahihirapang magbigay ng mas mabuting dahilan.

Hindi rin dahil umaasa akong makakatagpo ng kasakdalan sa mga nagsasabing sila'y nagtitipon sa Pangalan ng Panginoon.

SA POSITIBONG PANIG—Narito ako dahil sa sumusunod na pitong dahilan, na hinihiling kong timbangin nang mabuti ng mambabasa na may bukas na Biblia kung kinakailangan.

I. Dito ay Natatagpuan Ko ang Katapatan kay Cristo at sa Kanyang Salita

Sa mga sinusulatan ko, may kapamahalaan pa rin ang mga salitang "Ganito ang sabi ng Panginoon." Kinikilala pa rin ang Kasulatan bilang huling Hukuman ng Apela. Gaya ng sa Pergamo, masasabi rin tungkol sa kanila: "hindi mo ikinaila ang aking pananampalataya" (Apoc. 2:13); at gaya ng sa Filadelfia: "Sapagka't tinupad mo ang salita ng aking pagtitiis" (Apoc. 3:10). Anumang pagkukulang ang makita sa "Brethren," walang makapagpaparatang sa kanila ng kawalang-katapatan sa Salita ng Diyos; bagaman marami ang humahamak sa kanila dahil naniniwala sila sa ganap o berbal na inspirasyon ng Kasulatan. Na nagkaroon ng pagkukulang sa pamumuhay ayon sa pamantayang ibinigay roon, ito ay kapwa malungkot at mapagpakumbabang inaamin ng sumulat at ng mga kasama niya sa pakikisama. Gayunman, natatagpuan ko rito ang isang Kapatiran sa buong mundo na walang puwang para sa Modernista, Ritwalista, Espiritista, Materyalista, o sinumang tumatanggi sa ganap na inspirasyon ng Salita ng Diyos.

Kung itanong: "Ngunit tiyak namang sa ilang iglesya ay may ganito ring katapatan kay Cristo at sa Kanyang Salita?" ang sagot, na may pasasalamat, ay oo. Inaanyayahan ang mambabasa na tandaan na pitong dahilan ang ilalahad sa kanya, at ipagpaliban muna ang

kanyang paghatol hanggang sa katapusan ng artikulong ito.

II. Dito Rin ay Natatagpuan ang Isang Di-Sektaryang Paninindigan

Sa I Corinto 3:14 ay tinutuligsa ang Sektaryanismo at ang sektaryan ay sinasabing "makalaman." Ngayon, may ilang ipinagmamalaki ang kanilang denominasyonal na paninindigan, samantalang ang iba naman ay naghahanap ng pangkalahatang Pagsasanib ng mga iglesya. May Pagkakaisa ng Espiritu (Efe. 4:3) na dapat nating ingatan, ngunit dahil ang pinakamasigasig sa Pagsasanib ay karaniwang mga pinunong modernista, maraming mahusay na naturuang Cristiano sa mga iglesya ang hindi sumusuporta rito. Sinabi ni C. H. Spurgeon maraming taon na ang nakalipas: "Ang paghahangad ng pagkakaisa kapalit ng katotohanan ay pagtataksil sa Panginoong Jesus." Ipinagmamalaki ng Roma na siya ang iisang iglesyang may panloob na pagkakaisa (na, sa totoo lang, ay malayo sa katotohanan), ngunit gaya ng mahusay na sinabi ng isa: "Ang pagkakaisa sa kamalian ay walang maipagmamalaki."

Ang Kilusang inilalarawan dito ay naging at nananatiling isang protesta laban sa Sektaryanismo, at isang pagbabalik sa paninindigan ng unang Iglesya, kung saan ang lahat ng mananampalataya ay magkakapatid at nagtatamasa ng pinagpalang pagkakaisa ng Espiritu na ang bigkis ay kapayapaan.

"Ngunit," sasabihin ng iba, "maraming pangkat ng Brethren—mga Darbyite, ang pangkat ni Grant, ang pangkat ni Kelly at ang mga Ravenite; kung gayon, aling pangkat ang dapat naming salihan?" Ang sagot ay ang

lahat ng ito at iba pang pangkat ay bunga ng mga Cristianong humiwalay sa paninindigang unang tinanggap, at walang sinumang pinapayuhang sumali sa anumang pangkat. Sa Gawa 5:14 ay mababasa natin, "At ang mga nagsisisampalataya ay lalong nangaparagdag sa Panginoon," at sa 2:47 ay sinasabi: "At idinaragdag ng Panginoon sa kanila sa araw-araw ang nangaliligtas."

Mainam na itanong nating muli: "Nabahagi baga si Cristo?" (I Cor. 1:13), at laging tandaan na iisa lamang ang "katawan" (Efe. 4:4), na ang "katawan" na ito ay sinasabing ang Iglesya (Efe. 1:22, 23). Ang "katawan" na ito, ang "Iglesya," ay binubuo ng lahat ng tunay na mananampalataya mula noong Pentecostes.

Maaaring sabihin ng iba: "Ngunit hindi ba ninyo sinasabing 'sumali sa Brethren'?" Totoo na may ilang nagsasalita nang ganoon dahil sa kamangmangan, at ang iba ay dahil sa kapabayaan—ngunit walang mananampalatayang may unawa ang magsasalita nang ganoon.

III. Dahil sa Kanilang Ingat sa Pagsisikap na Panatilihing Dalisay* ang Kaanib, at Magsagawa ng Maka-Diyos na Disiplina

* [Isang bahagi rito ang hindi mabasa sa scan.]

Ang pagkilala na ang Iglesya ay Katawan ni Cristo, at na ang mga tinubos lamang ang mga kaanib ng Katawang iyon, ang malaking pananggalang laban sa mahinang pagtanggap sa pakikisama ng mga di-ligtas na Cristiano-sa-pangalan lamang—isa sa pinakamalaking salot ng Sangkakristiyanuhan.

Sa pagpuri sa Iglesya sa Efeso, sinabi ng ating nabuhay na Panginoon: "Nalalaman ko ang iyong mga gawa, at

ang iyong pagpapagal at pagtitiis, at hindi mo matiis ang masasama, at sinubok mo ang mga nagsasabing sila'y mga apostol, at hindi gayon" (Apoc. 2:2). Ngunit sa kabilang banda, sinabi ni Cristo sa Pergamo: "Datapuwa't mayroon akong ilang bagay laban sa iyo, sapagka't diyan ay mayroon kang mga nagsisiyakap sa aral ni Balaam . . . Gayon din naman mayroon kang ilang nagsisiyakap sa aral ng mga Nicolaita" (Apoc. 2:14 at 15).

Bagaman maaaring imposibleng mapigilan ang ilang nagpapanggap na makapasok nang palihim, ngayon, sa napakaraming iglesya, madalas makita ang mga Modernista, Unitarian at maging Espiritista kapwa sa upuan at sa pulpito. Ang hindi matiis ng Efeso ay pinahihintulutan na ngayon, at madalas ay pinalalampas dahil sa huwad na pagkakawanggawa.

Sumasang-ayon ang lahat na kailangan ang disiplina upang magkaroon ng malusog na katawan; gaano pa kaya sa larangang espirituwal! Ang pagtuturo tungkol sa paghiwalay sa kasalanan at sa sanlibutan ay kailangang-kailangan pa rin, at laging kakailanganin. Para sa maka-Diyos na disiplina, kailangan ang mga maka-Diyos na matatanda; tandaan nating ituring na karapat-dapat sa ibayong karangalan ang matatandang "nagpapagal sa salita at sa pagtuturo" (I Tim. 5:17). At gayundin ang pangaral na "Gayon din, kayong mga kabataan, pasakop kayo sa matatanda" (I Ped. 5:5). Ipanalangin ninyo sila; ang kanilang gawain ay kapwa maselan at mahirap; sapagkat sinumang nasa pakikisama na nagtuturo ng maling doktrina o namumuhay nang marumi ay dapat harapin agad at disiplinahin.

IV. Dahil sa Kanilang Apostolikong Kapayakan sa Pagkilala kay Cristo bilang Sentro ng Kanilang Pagtitipon at Siyang Namamahala rito; at sa Kanilang Maka-Kasulatang Kapayakan sa Pagsasagawa ng mga Ordinansa

Bagaman ang mga salitang: "Sapagka't kung saan nagkakatipon ang dalawa o tatlo sa aking pangalan, ay naroroon ako sa gitna nila" (Mat. 18:20) ay maaaring hindi pangunahing tumutukoy sa pagtitipon ng Iglesya para sa pagsamba at pagdiriwang ng Hapunan ng Panginoon, naglalaman ang mga ito ng isang Banal na prinsipyo, at ipinahahayag si Cristo bilang iisang sentro na dapat pagtipunan ng mga Cristiano. Makikita rin ang prinsipyong ito sa Awit 40:5: "Pisanin mo ang aking mga banal sa akin; yaong nangakipagtipan sa akin sa pamamagitan ng hain," at ipinropesiya pa noong Genesis 49:10, kung saan mababasa natin: ". . . At sa kaniya (Shiloh) tutalima ang mga bansa."

Sa mga Assembly (o iglesya) na ito, hindi lamang nagtitipon ang mga mananampalataya sa Pangalan (na nangangahulugang ang Persona) ni Cristo, kundi ang kanilang pagsamba ay isinasagawa nang umaasa sa Banal na Espiritu, na sa Kanya tumitingin ang mga sumasamba para sa patnubay at ang Kanyang pamamahala ang hinahanap. Kung saan napipigil ang laman, at kung saan sinusunod ang mga udyok ng Espiritu, kitang-kita ang magandang pagkakasunud-sunod ng awit, panalangin, pagsamba at pagsasalita—niluluwalhati ang Diyos, itinataas si Cristo, hindi napapalungkot ang Espiritu, at ang mga banal ay pinatitibay at pinagpapala.

Dito ay natatagpuan ko, ayon sa Gawa 20:7, ang lingguhang pagpapahayag ng kamatayan ni Cristo bilang pag-alaala sa Kanyang namamatay na pag-ibig. Gayundin, sa ordinansa ng bautismo sa paglulubog, ayon sa Roma 6:1-6, ipinakikita sa bawat pagbabautismo ang pakikiisa ng mananampalataya sa kanyang Panginoon sa kamatayan, paglilibing at pagkabuhay na muli.

V. Dahil sa Kanilang Paniniwala at Pagsasagawa ng Pagkasaserdote ng Lahat ng Mananampalataya

Na ang lahat ng mananampalataya, nang walang kondisyon, ay ginawang mga saserdote ay malinaw na itinuturo sa I Pedro 2:5 at 9, kung saan mababasa natin: "Kayo naman, na tulad sa mga batong buháy, ay nangatayong isang bahay na ukol sa espiritu, upang maging isang banal na pagkasaserdote, upang maghandog ng mga haing ukol sa espiritu, na kalugodlugod sa Dios sa pamamagitan ni Jesucristo," at "Datapuwa't kayo'y isang lahing hirang, isang makaharing pagkasaserdote," at iba pa. Pinagtitibay ito sa Apoc. 1:5, 6: "Doon sa umiibig sa atin, at sa nagkalag sa atin sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng kaniyang dugo; at ginawa niya tayong isang kaharian, na mga saserdote sa kaniyang Dios at Ama," at iba pa.

Ang mga "Brethren" na ito, sa pagtanggap sa pagkasaserdote ng lahat ng mananampalataya, ay nagtitipon upang sumamba bilang mga saserdote, naghahandog ng hain ng papuri sa Diyos nang palagian gaya ng mga alagad noon, hindi kumikilala sa anumang uring saserdote na mangunguna sa kanilang pagsamba, kundi ginagamit ang mga kaloob na ibinigay ni Cristo sa Kanyang Iglesya ayon sa Efe. 4:1-16. Naniniwala sila na

ang mga kaloob na ebanghelista, pastor at guro ay ibinigay (ayon sa wastong salin ng R. V.):

"*Para sa ikasasakdal ng mga banal,*
Tungo sa gawain ng paglilingkod,
Tungo sa pagpapatibay ng katawan ni Cristo."*

* Pinatutunayan ng buong konteksto ang saling ito, at pinagtitibay ito ng maraming dalubhasa sa wikang Griego.

Kaya ang gawain ng paglilingkod at ng pagpapatibay sa isa't isa sa ating kabanal-banalang pananampalataya (Judas 20), sa halip na iatang sa mga taong inordenahan ng tao at mauwi sa isang ministeryong pang-isang-tao, ay isang gawaing itinalaga ng Diyos sa mga binigyan ng kaloob ng Espiritu, Siya na "namamahagi sa bawa't isa ayon sa kaniyang ibig" (I Cor. 12:11). Gaya ng sinabi ng isa: "Malinaw sa sinumang walang kinikilingang isip na ang pagkakaroon ng anumang kaloob na ibinigay ng Diyos ay ginagawang ministro ang isang tao, nang wala nang anupamang kailangan." Ito ay hindi, gaya ng maling sinabi ng ilan, "Isang pagbabago mula sa ministeryong pang-isang-tao tungo sa ministeryong pang-kahit-sinong-tao," kundi mula sa ministeryong pang-isang-tao tungo sa ministeryong itinalaga ni Cristo at may kaloob mula sa Espiritu; isang ministeryong hindi umaasa sa pagiging iskolar,** kundi lubos na umaasa sa espirituwal na kwalipikasyon.

** Siyempre, hindi minamaliit ng sumulat ang pagiging iskolar, na kung itinalaga sa paglilingkod sa Diyos ay isang napakahalagang yaman.

VI. Dahil sa Kanilang Sigasig sa Ebanghelyo Dito at sa Ibang Bansa, na Pinag-aalab ng Kanilang Buháy na Pag-asa sa Ikalawang Pagdating ni Jesucristo

Mula sa pasimula ng kilusang ito pabalik sa kapayakang isinagawa ng mga unang Cristiano, ang Pag-asa sa Pagdating ni Cristo ay naging, at nananatili pa ring, isa sa malalaking pampasigla sa "Brethren" upang mamuhay para kay Cristo at ipahayag ang Kanyang Ebanghelyo sa malapit at sa malayo.

Ilang taon na ang nakalipas, isang pahayagan sa Australia ang naglathala ng isang artikulong pinamagatang: "Ang Dakilang Di-Kilalang Samahang Pangmisyonero," na naglalayong ipakita sa kanilang mga mambabasa ang malawak na gawaing pangmisyonero ng mga mananampalatayang ito. Bukod sa napakagandang gawaing ginagawa sa mga tinatawag na Cristianong lupain, ang "Brethren" ay may halos isang libong (1,000) misyonero sa buong mundo. Naniniwala sila, gaya ng sinabi ni Pedro, na dapat nilang samantalahin ang panahon, namumuhay nang maka-Diyos at banal, "na nagsisipaghintay at nagsisipagmadali sa pagdating ng kaarawan ng Dios" (tingnan ang II Ped. 3:11, 12).

VII. At Panghuli, Sumasamba Ako Kasama Nila Dahil sa Kanilang Pagkaunawa sa Tunay na Kahulugan ng Pakikisama

Ang pakikisama na kilala ng maraming Cristiano ay isang mahinang karikatura lamang ng itinuturo sa Bagong Tipan.

Libu-libong Cristiano ang walang alam tungkol sa pakikisama sa kapwa Cristiano, maliban sa pagsasama-

sama sa iisang gusali para sa pagsamba, paglilingkod at pagsuporta sa kanilang iglesya, at sa paminsan-minsang pagpapakita ng kaunting simpatiya sa panahon ng kagipitan.

Sa "Brethren," gayundin sa ilang mas mahusay na naturuang Cristiano, ang pakikisama ay pumapasok sa mismong buhay ng mananampalataya. Hindi lamang tinatamasa at pinag-uusapan ang mga bagay ng Diyos sa Araw ng Panginoon sa bahay-pulungan; kundi araw-araw, sa kalye, sa paligid ng hapag-almusal, saanman sila magkita, pinag-uusapan at tinatamasa ang mga espirituwal na paksa. Gayundin, ang bigkis ng pagmamahal na dapat ay nasa atin bilang magkakapatid kay Cristo ay isinasagawa sa pagpapatuloy sa tahanan, sa paghahanap ng ikabubuti ng isa't isa, at sa pagdadala ng pasanin ng isa't isa; kaya ang "pakikisama ng mga banal" ay nabawi ang ilan sa orihinal nitong tamis at sigla sa kanila.

Bagaman maaaring may ibang Cristiano na angkop din ang lahat ng nasa itaas, hindi sila kilala ng sumulat. Bagaman nakikita at inaamin niya ang maraming pagkukulang sa kanyang sarili at sa mga kasama niyang nagtitipon, wala na siyang natagpuang higit na ayon sa gawi at buhay ng unang Iglesya, kaya siya ay nasa pakikisama ng mga kilala bilang "Brethren."